



Molina Dual Options Cal MediConnect Plan Medicare-Medicaid Plan | Impormasyon sa 2022 na Online na Direktoryo ng Provider at Parmasya

Panimula

Naglalaman ang online na *Direktoryo ng Provider at Parmasya* ng impormasyon tungkol sa mga uri ng provider at parmasya sa Molina Dual Options at mga listing ng lahat ng provider at parmasya ng plano simula sa petsang nasa ibaba ng page ng searchable na online na direktoryong ito. Naglalaman ang mga listing ng address at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng provider at parmasya, pati na rin ang iba pang detalye tulad ng mga araw at oras ng operasyon, espesyalidad, at kasanayan. Ang mga pangunahing termino at kahulugan ng mga ito ay nasa alpabetikong pagkakaayos sa huling kabanata ng *Handbook ng Miyembro*.

Mga Disclaimer

- ❖ Ang Molina Dual Options Cal MediConnect Plan Medicare-Medicaid Plan ay isang planong pangkalusugang may kontrata sa Medicare at Medi-Cal para makapagbigay ng mga benepisyo ng dalawang programa sa mga enrollee.
- ❖ Sumusunod ang Molina Healthcare sa mga nalalapat na Pederal na batas sa karapatang sibil at hindi ito nandiskrimina batay sa lahi, etnisidad, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, sex, edad, kapansanan sa pag-iisip o pangangatawan, katayuang pangkalusugan, pagtanggap ng pangangalagang pangkalusugan, mga dating claim, medikal na history, genetic na impormasyon, ebidensiya ng kakayahang ma-insure o insurability, heograpikong lokasyon.
- ❖ Inililista ng online na Direktoryong ito ang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan (tulad ng mga doktor, nurse practitioner, at psychologist), mga pasilidad (tulad ng mga ospital o klinika), at mga provider ng suporta (tulad ng mga provider ng Pang-araw na Pangangalaga sa Kalusugan ng Nasa Hustong Gulang at Pangangalaga sa Tahanan) kung saan kayo puwedeng magpatingin bilang miyembro ng Molina Dual Options. Inililista rin namin ang mga parmasyang puwede ninyong gamitin para makuha ang inyong mga inireresetang gamot.

- ❖ Tutukuyin namin ang mga grupong ito bilang “mga provider na nasa network” sa Direktoryong ito. Ang mga provider na ito ay pumirma ng kontrata sa amin para magbigay sa inyo ng mga serbisyo. Ang searchable na online na direktoryong ito ay naglalaman ng lahat ng provider ng Molina Dual Options na nasa network para sa estado ng California. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa (855) 665-4627 (TTY 711) Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.
- ❖ Kabilang sa Direktoryong ito ang mga provider ng mga serbisyo ng Medicare at Medi-Cal.
- ❖ ATTENTION: If you speak English, language assistance services, free of charge, are available to you. Call (855) 665-4627, TTY: 711, Monday - Friday, 8 a.m. to 8 p.m., local time. The call is free.
- ❖ ATENCIÓN: Si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al 1-855-665-4627 de lunes a viernes, de 8:00 a. m. a 8:00 p. m. Los usuarios de TTY deben llamar al 711. La llamada es gratuita.
- ❖ 如果您使用繁體中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電 1-855-665-4627（服務時間：週一至週五上午 8:00 至下午 8:00）。TTY 使用者應該致電 711。該電話免費。
- ❖ Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa 1-855-665-4627, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 am hanggang 8:00 pm. Para sa mga user ng TTY, dapat tumawag sa 711. Libre ang tawag.
- ❖ Nếu bạn nói Tiếng Việt, có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho bạn. Gọi số 1-855-665-4627, Thứ Hai đến thứ Sáu từ 8:00 giờ sáng đến 8:00 giờ tối. Người dùng TTY cần gọi số 711. Cuộc gọi này miễn phí.
- ❖ 한국어를 사용하시는 경우, 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. 1-855-665-4627번으로 월요일 - 금요일, 오전 8시부터 오후 8시 사이에 전화해 주십시오. TTY 이용자는 711번으로 전화하십시오. 통화료는 무료입니다.
- ❖ Если вы говорите на русском языке, то вам доступны бесплатные услуги перевода. Звоните 1-855-665-4627, понедельник — пятница, с 8:00 до 17:00. TTY для лиц с нарушениями слуха 711. Звонок бесплатный.
- ❖ Եթե խոսում եք հայերեն, ապա ձեզ անվճար կարող են տրամադրվել լեզվական աջակցության ծառայություններ: Ձանգահարեք 1-855-665-4627 հեռախոսահամարով, երկուշաբթիից ուրբաթ, 8:00-ից՝ 20:00: TTY օգտվողները պետք է զանգահարեն 711: Ձանգն անվճար է:
- ❖ ប្រយ័ត្ន៖ បើសិនជាអ្នកនិយាយភាសាខ្មែរ, សេវាជំនួយផ្នែកភាសាដោយមិនគិតល្អល គឺអាចមានសំរាប់បំរើអ្នក។ ចូរ ទូរស័ព្ទ 1-855-665-4627 នៅថ្ងៃជំនួស ដល់ ថ្ងៃសុក្រ ចាប់ពីម៉ោង 8:00 ព្រឹក ដល់ 8:00 យប់។ អ្នកប្រើ TTY គួរហៅទូរស័ព្ទទៅលេខ 711។ ការហៅទូរស័ព្ទនេះគឺឥតគិតថ្លៃ។

- ❖ اگر به زبان فارسی گفتگو می کنید، تسهیلات زبانی بصورت رایگان برای شما فراهم می باشد. با 1-855-665-4627 روزهای دوشنبه تا جمعه از 8 صبح تا 8 عصر تماس بگیرید. افرادی که دارای مشکل شنوایی هستند با شماره 711 تماس بگیرید. برقراری تماس رایگان است.
 - ❖ ملحوظة: إذا كنت تتحدث اذکر اللغة، فإن خدمات المساعدة اللغوية تتوافر لك بالمجان. اتصل برقم 1-855-665-4627 (رقم هاتف الصم والبكم: 711) من الاثنين حتى الجمعة من 8:00 صباحًا حتى 8:00 مساءً كل يوم.
- ❖ Maaari ninyong kunin ang dokumentong ito nang libre sa ibang format, gaya ng large print, braille, o audio. Tumawag sa (855) 665-4627 (TTY: 711), Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag.
 - ❖ Puwede ninyong hilingin na ipadala namin palagi sa inyo ang impormasyon na nasa wika o format na gusto ninyo. Tinatawag itong palagiang kahilingan. Susubaybayan namin ang inyong palagiang kahilingan, para hindi na ninyo kailanganing gumawa ng mga hiwalay na kahilingan sa bawat pagkakataong may ipapadala kaming impormasyon sa inyo. Para makuha ang dokumentong ito sa ibang format o sa ibang wika maliban sa Ingles, mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa (855) 665-4627 (TTY: 711), Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Kung gusto ninyong makatanggap ng mga dokumentong tulad nito sa hinaharap sa ibang wika maliban sa Ingles, mangyaring makipag-ugnayan sa Estado sa (800) 541-5555, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m., lokal na oras para ma-update ang inyong record sa gustong wika. Matutulungan kayo ng isang kinatawan na gawin o baguhin ang isang palagiang kahilingan. Puwede rin kayong makipag-ugnayan sa inyong Tagapamahala ng Kaso para sa tulong sa mga palagiang kahilingan.
 - ❖ Updated ang listahan hanggang sa kasalukuyang petsang nasa ibaba ng pahina ng searchable na online na direktoryo, pero kailangan ninyong malaman ang mga sumusunod:
 - Ang ilang provider na nasa network ng Molina Dual Options ay posibleng naidagdag o naalis mula sa aming network pagkatapos i-publish ang Direktoryong ito.
 - Puwedeng hindi na tumatanggap ng mga bagong miyembro ang ilang provider ng Molina Dual Options na nasa aming network. Kung nagkakaroon kayo ng problema sa paghahanap ng provider na tatanggap ng mga bagong miyembro, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa (855) 665-4627 (TTY: 711), Lunes – Biyernes, 8 a.m. to 8 p.m., lokal na oras at tutulungan namin kayo.
 - Para makuha ang pinaka-updated na impormasyon tungkol sa mga provider na nasa network ng Molina Dual Options, bisitahin ang MolinaHealthcare.com/Duals o

tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa (855) 665-4627 (TTY: 711),
Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag.

Ang mga doktor at iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na nasa network ng Molina Dual Options ay nakalista sa mga pahina batay sa inyong paghahanap ng Provider. Ang mga parmasya sa aming network ay nakalista sa mga page batay sa inyong paghahanap ng Parmasya.

Mga Provider

Mga pangunahing termino

Ipinaliliwanag ng seksyong ito ang mga pangunahing termino sa aming *Direktoryo ng Provider at Parmasya*.

- Ang **mga provider** ay mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan at provider ng suporta tulad ng mga doktor, nurse, pharmacist, therapist, at iba pang taong nagbibigay ng pangangalaga at mga serbisyo. Kabilang sa **mga serbisyo** ang medikal na pangangalaga, mga pangmatagalang serbisyo at suporta (long-term services and supports o LTSS), mga supply, mga inireresetang gamot, kagamitan, at iba pang serbisyo.
 - Tumutukoy rin ang termino sa mga pasilidad tulad ng ospital, klinika, at iba pang lugar na nagbibigay mga medikal na serbisyo, medikal na kagamitan, at pangmatagalang serbisyo at suporta.
 - Ang mga provider na bahagi ng network ng aming plano ay tinatawag na mga provider na nasa network.
- Ang **mga provider na nasa network** ay ang mga provider na nakipagkontrata sa amin para magbigay ng mga serbisyo sa mga miyembro na nasa aming plano. Karaniwan kaming sinisingil nang direkta ng mga provider na nasa aming network para sa pangangalagang ibinigay nila sa inyo. Kapag nagpakonsulta kayo sa isang provider na nasa network, karaniwang wala kayong babayaran para sa mga saklaw na serbisyo.
- Ang **Provider ng Pangunahing Pangangalaga** (Primary Care Provider o PCP) ay isang doktor, nurse practitioner, o iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay sa inyo ng regular na pangangalagang pangkalusugan. Ang inyong PCP ang magtatabi ng inyong mga medikal na record at aalam sa inyong mga pangangailangang pangkalusugan sa paglipas ng panahon. Bibigyan din kayo ng inyong PCP ng **referral** kung kailangan ninyong magpatingin sa isang espesyalista o iba pang provider.

- Ang **mga espesyalista** ay mga doktor na nagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa isang partikular na karamdaman o bahagi ng katawan. Maraming klase ng espesyalista. Narito ang ilang halimbawa:
 - Ang mga oncologist ay nangangalaga sa mga pasyenteng may cancer.
 - Ang mga cardiologist ay nangangalaga sa mga pasyenteng may mga kondisyon sa puso.
 - Ang mga orthopedist ay nangangalaga sa mga pasyenteng may mga kondisyon sa buto, kasu-kasuan, o kalamnan.
- Posibleng kailangan ninyo ng **referral** para magpatingin sa isang espesyalista o isang taong hindi ninyo PCP. Nangangahulugan ang isang **referral** na dapat kayong bigyan ng inyong provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) ng pag-apruba bago kayo magpatingin sa isang taong hindi ninyo PCP. Kung hindi kayo kukuha ng referral, puwedeng hindi saklawin ng Molina Dual Options ang mga serbisyo.
 - Hindi kailangan ng mga referral mula sa inyong PCP na nasa network para sa:
 - Pang-emergency na pangangalaga;
 - Pangangalagang agarang kinakailangan;
 - Mga serbisyo sa pag-dialysis ng bato na natatanggap ninyo mula sa isang pasilidad sa pag-dialysis na sertipikado ng Medicare kapag kayo ay nasa labas ng pinagseserbisyuhang lugar ng plano; ○
 - Mga serbisyo mula sa espesyalista sa kalusugan ng kababaihan.
 - Mga serbisyong hindi nakalista sa Listahan ng Paunang Awtorisasyon ng Molina Dual Options o inilista bilang hindi nangangailangan ng Paunang Awtorisasyon.
 - Bukod pa rito, kung karapat-dapat kayong kumuha ng mga serbisyo mula sa mga Indian na provider ng pangangalagang pangkalusugan, puwede kayong magpatingin sa mga provider na ito nang walang referral. Dapat naming bayaran ang Indian na provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga serbisyong iyon kahit pa wala sila sa network ng aming plano.
 - Ang higit pang impormasyon tungkol sa mga referral ay available sa Kabanata 3 ng *Handbook ng Miyembro*. Puwede rin ninyong tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro para sa higit pang impormasyon sa (855) 665-4627 (TTY 711), Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.
- Mayroon din kayong access sa isang coordinator ng pangangalaga at pangkat sa pangangalaga kung saan kasali kayo sa pagpili.

- Tutulong sa inyo ang **Coordinator ng Pangangalaga** na pamahalaan ang inyong mga medikal na provider at serbisyo.
- Ang inyong **Pangkat sa Pangangalaga na pinamumunuan ng inyong Tagapamahala ng Kaso ng Molina Dual Options**, ang magtatasa sa inyong pangangailangan para matukoy kung kailangan ninyo ng tulong sa iba pang larangan bukod sa kalusugan, tulad ng mga pangangailangang pisikal o panlipunan. Binuo ang inyong Pangkat sa Pangangalaga ayon sa inyong mga kagustuhan at ang mga desisyon ay ginagawa kasama ninyo. Nagtutulongan ang lahat ng nasa pangkat sa pangangalaga para matiyak na koordinado ang inyong pangangalaga. Ibig sabihin, tinitiyak nila na isasagawa ang mga test at lab nang isang beses lang at ibabahagi ang mga resulta sa mga naaangkop na provider. Nangangahulugan din ito na dapat malaman ng inyong PCP ang lahat ng iniinom ninyong gamot para mabawasan niya ang anumang negatibong side effect. Palaging hihingi ang inyong PCP ng pahintulot bago ibahagi ang inyong medikal na impormasyon sa iba pang provider. Ang inyong Tagapamahala ng Kaso ng Molina Dual Options ay gagawa ng Plano ng Pangangalaga kasama ninyo o ng inyong designee. Ililista ng Plano ng Pangangalaga ang lahat ng inyong pangangailangan, magtatakda ng mga layunin, at hahanap ng mga paraan para subaybayan kung natutugunan ang inyong mga pangangailangan.
- Posibleng kabilang sa inyong **Pangkat sa Pangangalaga** ang, pero hindi limitado sa, mga sumusunod na tao:
 - Provider ng Pangunahing Pangangalaga
 - Mga Provider ng Espesyal na Pangangalaga
 - Mga Lisensyadong Nurse (Registered Nurses o RN)
 - Tagapamahala ng Kaso ng Molina Dual Options
 - Staff ng Pamamahala ng Utilisasyon
 - Medikal na Direktor ng Molina Dual Options
 - Mga Pharmacist

Pagpili ng Provider ng Pangunahing Pangangalaga (Primary Care Provider o PCP)

Puwede kayong makakuha ng mga serbisyo mula sa alinmang provider na nasa aming network at tumatanggap ng mga bagong miyembro.

Una, kakailanganin ninyong pumili ng Provider ng Pangunahing Pangangalaga. Puwedeng isang espesyalista ang gaganap bilang inyong PCP. Kabilang sa mga espesyalidad ang: internal medicine, pediatrics, infectious disease, family practice, general practice, at mga OB/GYN. Mangyaring tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro para pumili ng PCP.

Ang mga PCP na nasa aming plano ay affiliated sa medikal na pangkat. Sa pagpili ng inyong PCP, pinipili rin ninyo ang affiliated na medikal na pangkat. Ibig sabihin, ire-refer kayo ng inyong PCP sa mga espesyalista at serbisyong affiliated din sa kanyang medikal na pangkat.

- Kung mayroong partikular na espesyalista o ospital na gusto ninyong gamitin, mahalagang tingnan kung affiliated ang mga ito sa medikal na pangkat ng inyong PCP. Puwede kayong sumangguni sa direktoryong ito o magtanong sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Molina Dual Options para tingnan kung ang gusto ninyong PCP ay gumagawa ng mga referral sa espesyalistang iyon o kung ginagamit niya ang ospital na iyon.
- Kung hindi kayo mananatili sa loob ng medikal na pangkat ng inyong PCP, posibleng hindi saklawin ng Molina Dual Options ang serbisyo.

Para pumili ng PCP, sumangguni sa listahan ng mga provider sa pahina at pumili ng provider:

- na ginagamit ninyo sa ngayon, **o**
- na inirekomenda ng isang taong pinagkakatiwalaan ninyo, **o**
- na may mga tanggapang madali ninyong mapupuntahan.
- Kung gusto ninyo ng tulong sa pagpili ng PCP, pakitawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa (855) 665-4627 (TTY: 711), Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag. O kaya, bisitahin ang MolinaHealthcare.com/Duals.
- Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa kung babayaran namin ang anumang medikal na serbisyo o pangangalagang gusto o kailangan ninyo, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro at magtanong **bago** kayo kumuha ng serbisyo o pangangalaga.

Mga pangmatagalang serbisyo at suporta (long-term services and supports o LTSS)

Bilang miyembro ng Molina Dual Options, puwede kayong makakuha ng mga pangmatagalang serbisyo at suporta (long-term services and supports o LTSS), tulad ng Mga Serbisyong Pansuporta sa Tahanan (In-Home Supportive Services o IHSS), pangangalaga sa nursing home, mga supply, Mga Serbisyo sa Komunidad para sa Nasa Hustong Gulang (Community-Based Adult Services o CBAS) at iba pang serbisyo. Ang LTSS ay tumutulong sa mga taong nangangailangan ng tulong para gawin ang mga pang-araw-araw na gawain tulad ng paliligo, pagbibihis, paghahanda ng pagkain, at pag-inom ng gamot. Karamihan sa mga serbisyong ito ay

ibinigay sa inyong bahay o sa inyong komunidad pero puwede ring ibigay sa isang nursing home o ospital.

Kabilang sa mga serbisyong ito ang Mga Serbisyo sa Komunidad para sa Nasa Hustong Gulang (Community-Based Adult Services o CBAS).

Ang Mga Serbisyo sa Komunidad para sa Nasa Hustong Gulang (Community Based Adult Services o CBAS) ay isang pang-araw na programang pangkalusugan na nakabase sa komunidad na nagbibigay ng mga serbisyo sa matatanda at nasa hustong gulang na may mga chronic na kondisyon at/o kapansanang medikal, kognitibo, o hinggil sa pag-iisip na nanganganib na mangailangan ng pangangalaga ng institusyon.

Para mag-apply sa CBAS, mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Molina Dual Options sa (855) 665-4627 (TTY: 711), Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.

Kabilang sa iba pang pangmatagalang serbisyo at suporta na ibinigay ng Molina Dual Options ang Mga Serbisyong Pansuporta sa Tahanan (In-Home Supportive Services o IHSS), Mga Serbisyo sa Komunidad para sa Nasa Hustong Gulang (Community Based Adult Services o CBAS), may kasanayang pangangalaga, physical therapy, occupational therapy, speech therapy, mga medikal na serbisyong panlipunan, at pangangalagang pangkalusugan sa tahanan.

Ang kumpletong listahan ng mga serbisyong ito ay available sa Kabanata 4 ng inyong *Handbook ng Miyembro*.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng LTSS, mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Molina Dual Options sa (855) 665-4627 (TTY 711), Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.

Paano tukuyin ang mga provider na nasa network ng Molina Dual Options

Dapat ninyong kunin ang lahat ng inyong saklaw na serbisyo mula sa mga provider na nasa aming network na affiliated sa medikal na pangkat ng inyong PCP. Kung magpapakonsulta kayo sa mga provider na wala sa network ng Molina Dual Options at hindi affiliated sa medikal na pangkat ng inyong PCP (nang walang paunang awtorisasyon o pag-apruba mula sa amin), babayaran ninyo ang bill.

Ang **paunang awtorisasyon** ay pag-apruba mula sa Molina Dual Options bago kayo makakuha ng partikular na serbisyo o gamot o makapagpakonsulta sa isang provider na wala sa network. Posibleng hindi saklawin ng Molina Dual Options ang serbisyo o gamot kung hindi kayo makakakuha ng pag-apruba.

Hindi kasama sa panuntunang ito kapag kailangan ninyo ng agaran o pang-emergency na pangangalaga o pag-dialysis at hindi kayo makakapunta sa provider na nasa plano, katulad kung malayo kayo sa inyong tahanan. Hindi nagbibigay ang Medicare at Medicaid ng saklaw para sa pang-emergency na pangangalagang medikal sa labas ng Estados Unidos at ng mga teritoryo

nito maliban sa ilalim ng mga limitadong pangyayari. Makipag-ugnayan sa plano para sa mga detalye. Puwede kayong pumunta sa labas ng plano o ng medikal na pangkat ng inyong PCP kung papahintulutan kayo ng Molina Dual Options.

Posibleng kailanganin ninyo ng referral para magpatingin sa isang taong hindi Provider ng Pangunahing Pangangalaga.

- Puwede kayong magpalit ng mga provider na nasa network anumang panahon sa buong taon. Kung palagi kayong nagpapakonsulta sa iisang provider na nasa network, hindi ninyo kailangang patuloy na pumunta sa provider na iyon. Puwede ninyong palitan ang inyong PCP anumang oras. Kadalasan, malalapat ang mga pagbabago sa unang araw ng susunod na buwan ng kalendaryo. Puwedeng magkaroon ng mga pagbubukod kung kasalukuyan kayong tumatanggap ng paggamot nang hilingin ninyong palitan ang inyong PCP. Puwede ninyong palitan ang inyong PCP sa pamamagitan ng inyong personal na website sa MyMolina.com o puwede kayong makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo para sa Miyembro para sa higit pang impormasyon tungkol sa alinman sa inyong mga provider sa Molina Dual Options at para humiling na palitan ang inyong PCP. Para sa ilang provider, puwedeng kailangan ninyo ng referral mula sa inyong PCP (maliban para sa mga pang-emergency na serbisyo at mga serbisyo para sa agarang pangangalaga sa labas ng sineserbisyuhang lugar).
- Tandaan, affiliated sa mga medikal na pangkat ang mga PCP ng aming plano. Kung papalitan ninyo ang inyong PCP, posibleng mapalitan din ang inyong medikal na grupo. Kapag hiniling ninyo ang pagbabago, tiyaking sabihan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro kung magpapakonsulta kayo sa isang espesyalista o tatanggap kayo ng iba pang saklaw na serbisyong nangangailangan ng pag-apruba ng PCP. Tutulong ang Mga Serbisyo para sa Miyembro na tiyaking maipagpapatuloy ninyo ang inyong espesyal na pangangalaga at iba pang serbisyo kapag nagpalit kayo ng PCP.
- Nakikipagtulungan ang Molina Dual Options sa lahat ng provider na nasa aming network para isaalang-alang ang mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan. Kung naaangkop, kabilang sa listahan ng mga provider na nasa network sa Direktoryong ito ang impormasyon tungkol sa mga pagsasaalang-alang na ibinibigay ng mga ito.
- Kung kailangan ninyong magpatingin sa isang provider at hindi kayo sigurado kung inaalok nila ang mga pagsasaalang-alang na kailangan ninyo, matutulongan kayo ng Molina Dual Options. Makipag-usap sa inyong Tagapamahala ng Kaso para sa tulong o tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa (855) 665-4627 (TTY: 711), Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.

Paano maghanap ng mga provider ng Molina Dual Options sa inyong lugar

Para malaman kung paano maghahanap ng mga provider, sumangguni sa link na “Tulong sa Paghahanap – FAQ” sa ibaba ng searchable na online na direktoryo.

Para humingi ng hard copy ng direktoryo ng provider ng Molina Dual Options, pakitawagan ang aming Departamento ng Serbisyo para sa Miyembro sa (855) 665-4627 (TTY 711), Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Magpapadala ang Molina Dual Options ng hard copy ng direktoryo ng provider sa mail sa loob ng tatlong (3) araw ng negosyo pagkatapos ninyong humiling. Puwedeng itanong ng Molina Dual Options kung isang beses lang ang paghiling ninyo ng hard copy o kung hihilingin ninyo na permanenteng makatanggap ng hard copy ng direktoryo ng provider. Kung hihilingin ninyo ito, magpapatuloy ang inyong kahilingan na makatanggap ng hard copy ng direktoryo ng provider hanggang sa umalis kayo sa Molina Dual Options o hanggang sa hilingin ninyo na ihinto ang pagpapadala ng mga hard copy.

Mga provider na nasa network

Ang Direktoryong ito ng mga provider na nasa network ng Molina Dual Options ay naglalaman ng mga sumusunod:

- **Mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan** kabilang ang mga doktor ng pangunahing pangangalaga, espesyalista
- **Mga pasilidad** kabilang ang mga ospital, pasilidad ng pangangalaga, pasilidad ng may kasanayang pangangalaga, mga pasilidad para sa kalusugan ng pag-iisip, at mga Urgent Care Center
- **Mga provider ng suporta** kabilang ang mga pang-araw na serbisyo para sa mga nasa hustong gulang, may tulong na pamumuhay, mga serbisyong nakatuon sa consumer, mga meal na inihahatid sa tahanan, mga ahensya ng kalusugan sa tahanan.

Maliban sa mga impormasyon sa pakikipag-ugnayan, kabilang din sa mga listahan ng provider ang mga espesyalidad at kasanayan, halimbawa, ang mga wikang ginagamit o pagkumpleto ng pagsasanay sa kasanayan at pag-unawa sa ibang kultura (cultural competence training).

Ang **pagsasanay sa kasanayan at pag-unawa sa ibang kultura (cultural competence training)** ay karagdagang tagubilin para sa aming mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na nakakatulong sa kanilang mas maunawaan ang inyong pinagmulan, mga pinahahalagahan, at mga pinaniniwalaan para maiangkop nila ang mga serbisyo sa inyong mga pangangailangang panlipunan, pangkultura, at hinggil sa wika.

Mga parmasyang nasa network

Ang bahaging ito ng Direktoryo ay nagbibigay ng listahan ng mga parmasyang nasa network ng Molina Dual Options. Ang mga parmasyang ito na nasa network ay mga parmasyang sumang-ayon na magbigay ng mga inireresetang gamot sa inyo bilang miyembro ng plano.

Inilagay rin namin sa listahan ang mga parmasyang nasa aming network pero nasa labas ng aming pinagsisilbihang lugar na: Los Angeles, Riverside, San Bernardino, San Diego kung saan kayo nakatira. Puwede rin kayong kumuha ng inyong mga inireresetang gamot sa mga parmasyang ito. Makipag-ugnayan sa Molina Dual Options sa (855) 665-4627 (TTY: 711), Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m, lokal na oras para sa karagdagang impormasyon.

Dapat gamitin ng mga miyembro ng Molina Dual Options ang mga parmasyang nasa network para kumuha ng mga inireresetang gamot maliban sa mga pang-emergency na sitwasyon o sitwasyon sa agarang pangangalaga.

- Kung pupunta kayo sa isang parmasyang wala sa network para sa mga inireresetang gamot kapag hindi emergency, kakailanganin ninyong bayaran ang serbisyo mula sa sarili ninyong bulsa.
- Basahin ang *Handbook ng Miyembro* ng Molina Dual Options para sa higit pang impormasyon.

Posibleng hindi kasama sa Direktoryong ito ang lahat ng parmasyang nasa network.

Posibleng may ilan kaming naidagdag o naalis na parmasyang nasa network mula sa aming plano pagkatapos ma-publish ang Direktoryong ito

Para sa updated na impormasyon tungkol sa mga parmasyang nasa network ng Molina Dual Options sa inyong lugar, pakibisita ang aming website sa MolinaHealthcare.com/Duals o tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa (855) 665-4627 (TTY: 711), Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag.

Para makakuha ng kumpletong paglalarawan ng inyong saklaw sa inireresetang gamot, kabilang ang kung paano makuha ang inyong mga inireresetang gamot, mangyaring basahin ang *Handbook ng Miyembro* at ang *Listahan ng Mga Saklaw na Gamot* ng Molina Dual Options. Makikita ang Listahan ng Mga Saklaw na Gamot sa MolinaHealthcare.com/Duals.

Paano tukuyin ang mga parmasyang nasa network ng Molina Dual Options

Kasama ang mga retail na parmasya, kabilang sa network ng mga parmasya ng inyong plano ang:

- Mga mail-order na parmasya na nagpapadala ng mga saklaw na inireresetang gamot sa mga miyembro sa pamamagitan ng koreo o mga shipping company.
- Mga parmasyang nagseserbisyo ng infusion sa tahanan na naghahanda ng mga inireresetang gamot na ibinibigay ng sinanay na provider sa inyong tahanan sa

pamamagitan ng pagpapadaloy sa ugat, sa loob ng kalamnan, o sa iba pang paraang hindi sa pamamagitan ng bibig.

- Mga parmasya ng pangmatagalang pangangalaga (long-term care o LTC) na sineserbisyuhan ang mga residente ng mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, tulad ng mga nursing home.
- Mga parmasya ng Serbisyong Pangkalusugan para sa Mga Indian / Tribal / Programang Pangkalusugan para sa mga Urban Indian (Indian Health Service / Tribal / Urban Indian Health Program o I/T/U)

Hindi ninyo kailangang ipagpatuloy ang paggamit sa iisang parmasya para papunuan ang inyong mga reseta.

Pangmatagalang supply ng mga inireresetang gamot

- **Mga Mail-Order na Programa.** Nag-aalok kami ng mail-order na programa na nagbibigay-daan sa inyong makakuha ng hanggang 90 araw na supply ng inyong mga inireresetang gamot na ipapadala nang direkta sa inyong tahanan. Ang 90 araw na supply ay may copay na katulad ng isang buwang supply.
- **90 Araw na Mga Programa sa Retail na Parmasya.** Ang ilang retail na parmasya ay puwedeng mag-alok ng hanggang 90 araw na supply ng mga saklaw na inireresetang gamot. Ang 90 araw na supply ay may copay na katulad ng isang buwang supply.

Mail-order na parmasya

Puwede ninyong ipadala sa inyong tahanan ang inyong mga inireresetang gamot sa pamamagitan ng aming programa ng paghahatid ng mail-order na nasa network na tinatawag na CVS Caremark Mail Service Pharmacy Program. Makikipag-ugnayan sa inyo ang parmasya sa pamamagitan ng telepono, para kunin ang inyong pag-apruba bago magpadala ng anumang inireresetang gamot. Kung hindi namin kayo makakausap para sa pag-apruba, hindi ipapadala sa inyo ang inyong inireresetang gamot.

Kadalasan, dapat ninyong asahang matanggap ang inyong mga inireresetang gamot sa loob ng 14 na araw mula sa panahong natanggap ng mail-order na parmasya ang order. Kung ayaw ninyong matanggap ang inyong (mga) inireresetang gamot sa loob ng panahong ito, kung gusto ninyong magkansela ng awtomatikong order, o kung kailangan ninyong humiling ng refund para sa mga inireresetang gamot na hindi ninyo gusto o kailangan, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa (866) 270-3735. TTY: 711. Para matuto pa tungkol sa mga mail-order na parmasya, tingnan ang Kabanata 5 ng Handbook ng Miyembro.

Mga parmasyang nagseserbisyo ng infusion sa tahanan

Puwede kayong makakuha ng infusion therapy sa tahanan kung inaprubahan ng Molina Dual Options ang inyong reseta mula sa isang awtorisadong tagareseta.

Sineserbisyuhan ng mga Parmasyang Nagseserbisyo ng Infusion ang lahat ng county sa pinagseserbisyuhang lugar ng Molina Dual Options. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng infusion sa tahanan at parmasyang nagseserbisyo ng infusion sa tahanan, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa (855) 665-4627 (TTY: 711), Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.

Mga parmasya ng pangmatagalang pangangalaga

Puwedeng i-access ng mga residente ng pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, tulad ng nursing home, ang kanilang mga inireresetang gamot na saklaw ng Molina Dual Options sa pamamagitan ng parmasya ng pasilidad o ng ibang parmasyang nasa network. Para matuto pa tungkol sa saklaw sa gamot sa mga espesyal na sitwasyon, sumangguni sa Kabanata 5 ng *Handbook ng Miyembro*. Sineserbisyuhan ng mga Parmasya ng Pangmatagalang Pangangalaga ang lahat ng county sa pinagseserbisyuhang lugar ng Molina Dual Options.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo at parmasya ng Pangmatagalang Pangangalaga, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa (855) 665-4627 (TTY: 711), Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.

Mga parmasya ng Serbisyong Pangkalusugan para sa Mga Indian / Tribal / Programang Pangkalusugan para sa mga Urban Indian (Indian Health Service / Tribal / Urban Indian Health Program o I/T/U)

Ang mga Native American at Alaska Natives lang ang may access sa Mga Parmasya ng Serbisyong Pangkalusugan para sa Mga Indian / Tribal / Programang Pangkalusugan para sa mga Urban Indian (Indian Health Service / Tribal / Urban Indian Health Program (I/T/U)) sa pamamagitan ng network ng parmasya ng Molina Dual Options. Ang iba pang hindi Native American at Alaskan Native ay puwedeng pumunta sa mga parmasyang ito sa ilalim ng mga limitadong sitwasyon (hal., mga emergency).

Para sa higit pang impormasyon, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa (855) 665-4627 (TTY: 711), Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.

Paano maghanap ng mga parmasya ng Molina Dual Options sa inyong lugar

Puwede ninyong kunin ang inyong mga gamot sa alinman sa mga parmasyang nasa aming network. Kabilang dito ang mga parmasyang nasa aming network na nasa labas ng aming pinagseserbisyuhang lugar.

Para humanap ng uri ng parmasya sa loob ng aming network, magsimula sa pamamagitan ng pagpili sa inyong plano sa ilalim ng “Plano/Programa” na nasa itaas ng page. Sa tabi nito, may opsyon kayo para maglagay ng “Lungsod”, “Estado” o “Zip Code”. Gamit ang search bar, puwede ninyong i-type ang salitang “parmasya” o ang pangalan ng isang partikular na parmasya. Habang nagta-type kayo, lalabas ang isang listahan ng mga pangalan ng provider na tumutugma sa inyong paghahanap na mapagpipilian ninyo. Available sa aming Network ang lahat ng parmasyang ipinapakita sa searchable na online na direktoryo.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa alinman sa itaas, mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo para sa Miyembro o bisitahin ang [MolinaHealthcare.com/Duals](https://www.molinahealthcare.com/Duals).

H8677_22_141_CAMMPPOD Accepted